

## Banghay-Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao IV

**May-Akda:** Ma. Lizele T. Deopido  
**Designation:** Master Teacher II  
**Paaralan:** Carles Central School



### I. Layunin

1. Nailalarawan ang katangian ng isang batang masayahin at matatag sa pagharap sa mga pagsubok

### II. Paksang-Aralin

1. **Pamagat:** “Ang Pambihirang Buhok ni Raquel”
2. **May-akda:** Luis P. Gatmaitan, MD/
3. **May-guhit:** Beth Parrocha-Doctolero
4. **Pagpapahalaga:** Pagiging masayahin at matatag

### III. Pamamaraan

#### 1. Pagganyak

Pagpapakita ng larawan ng iba't ibang hitsura ng gupit ng buhok. Pagtatanong sa mga bata kung nakakita na sila nang kakaibang gupit ng buhok at kung ano ang masasabi nila rito.

#### 2. Paghawan ng Balakid

Pagpapakita ng larawan o konkretong bagay/galaw sa paghahawan balakid (maaari ring magbigay ng sitwasyon)

- a. galawgaw kung kumilos – pagpapakita ng eksaktong galawgaw na kilos
- b. pagtakas ng kulay ng mukha – paggamit ng konteksto sa pangungusap
- c. hibla ng buhok – pagpapakita ng aktuwal na bagay

#### 3. Pagbasa ng Kuwento

Tayo ay magbabasa ng kuwento tungkol sa isang batang may pambihirang buhok. Ipakita ang pabalat ng aklat sa klase.

Bakit kaya laging paiba-iba ang buhok ni Raquel?

#### Mode of Delivery: Silent Reading

Basahin nang tahimik ang kuwento at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang mga bagay na mayroon si Raquel na kinaiingitan ni Ana?
2. Bakit palaging sinasabi ni Raquel na mas mapalad si Ana?
3. Ano ang sakit ni Raquel? Maaari pa bang gumaling ang taong may sakit na leukemia?
4. Anu-anong mga katangian ang kahanga-hanga kay Raquel? kay Ana?

#### 4. Pagkatapos Bumasa

##### a. Gawain 1: Talakayan

Pag-usuapan ang mga kasagutan at pananaw tungkol sa mga sumusunod na katanungan.

##### Discussion Guide

1. Dapat bang kainggitan natin ang ating mga kaibigan, kaklase, pinsan, o kapatid? Bakit?
2. Naniniwala ka ba sa kasabihang “Ang kalusugan ay kayamanan”? Ipaliwanag.
3. Ano ang iyong mararamdaman at gagawin kung ikaw ay nagkaroon nang malubhang sakit gaya ni Raquel?
4. Paano naipakita ni Raquel ang pagiging matatag?
5. Paano natin maipakikita ang pagiging matatag sa mga pagsubok sa buhay?
6. Kung ikaw ay may kaibigan o kapamilyang may malubhang sakit gaya ng leukemia, ano ang maitutulong mo upang mapatatag ang kanyang loob?

b. Gawain 2: Pangkatang Gawain (Paggamit ng Learning Centers)

**Pangkat 1 (Art Center):** Muling buhayin ang ngiti ni Raquel. Iguhit ang kanyang pambihirang buhok. Pagkatapos ay kulayan at palamutian ito.

**Pangkat 2 (Drama Center):** Isadula ang pinakapaborito ninyong bahagi ng kuwento. Ilahad ito sa klase.

**Pangkat 3 (Writing Center):** Kung bibigyan kayo ng pagkakataon na makausap si Raquel, ano ang sasabihin ninyo sa kanya? Gumawa ng liham para kay Raquel.

**IV. Paglalapat**

Pag-isipan at sagutin.

“Ano ang maaari mong sabihin o gawin para sa isang taong may malubhang sakit upang mapagaan ang kanilang loob?”

**V. Pagtataya**

Iguhit ang masayang mukha kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagiging masayahin at matatag, at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Isulat ang sagot sa papel.

\_\_\_\_ 1. Si Jonas ay ipinanganak na bulag ngunit hindi ito naging hadlang upang siya ay makapagtapos sa pag-aaral.

\_\_\_\_ 2. Hindi matanggap ni Aling Susan ang pagkamatay ng kanyang anak dahil sa isang aksidente.

\_\_\_\_ 3. Malayo ang bahay ni Lea sa eskwelahan ngunit hindi niya alintana ang paglalakad araw-araw upang hindi lamang siya makaliban sa klase.

\_\_\_\_ 4. Matagal nang nagsasama bilang mag-asawa sina Mang Cardo at Aling Cita ngunit hindi pa rin sila binibiyayaan ng anak.

\_\_\_\_ 5. Pangarap ni Roman na maging isang sundalo. Upang matustusan ang kanyang pag-aaral, tumutulong siya sa mga magulang sa pagtitinda ng mga kakanin.

**VI. Takdang-Aralin**

Sumangguni sa inyong mga magulang upang mapag-isipan kung ano ang pinakamabigat na pagsubok na kanilang naranasan sa buhay at kung paano nila ito nalampasan. Isulat ang sagot sa kwaderno at humandang ibahagi ito sa klase.